# Tunay na ang Araw at ang Buwan ay dalawang palatandaan mula sa tanda ni Allah,Hindi sila nagtitiklop [nawawala ang kanilang liwanag] dahil sa pagkamatay ng isang tao at hindi sa pagkabuhay nito,Kapag nakita ninyo ito,Manalangin kayo kay Allah at mag-alay kayo ng Pagdadakila;Magdasal kayo at Magkawanggawa kayo.

Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya.-Nagsabi siya:((Tumiklop ang Araw [nawala ang kanyang liwanag] sa panahon ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagdasal ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga tao,Tinagalan niya ang pagtayo pagkatapos at yumuko siya at tinagalan niya ang pagyuko,pagkatapos ay tumayo siya,at tinagalan niya ang pagyuko,at ito ay liban pa sa unang pagtayo-pagkatapos ay yumuko siya,at tinagalan niya ang pagyuko-at ito ay liban pa sa unang pagyuko- pagkatapos ay nagpatirapa siya,tinagalan niya ang pagpapatirapa,pagkatapos ay ginawa niya ito sa ibang tindig ang tulad ng ginawa niya sa unang tindig,pagkatapos ay umalis siya,at naging hayag na ang araw,Nagsermon siya sa mga tao,Nagluwalhati siya kay Allah at Nagpuri siya sa Kanya,Pagkatapos ay sinabi niya: Tunay na ang Araw at ang Buwan ay dalawang palatandaan mula sa tanda ni Allah,Hindi sila nagtitiklop [nawawala ang kanilang liwanag] dahil sa pagkamatay ng isang tao at hindi sa pagkabuhay nito,Kapag nakita ninyo ito,Manalangin kayo kay Allah at mag-alay kayo ng Pagdadakila;Magdasal kayo at Magkawanggawa kayo.Pagkatapos ay sinabi niya: O Ummah ni Muhammad,Wala ni isa sa sinuman ang may pinakamatinding pagseselos liban kay Allah ,sa pangangalunya ng alipin niya o pangangalunya ng Umah ni Muhammad,Sumpa kay Allah;Kung nalalaman lang ninyo ang nalalaman ko,Tunay na matatawa kayo ng kaunti at tunay na maiiyak kayo ng marami)) At sa isang pananalita:((Ginanap niya sa apat na tindig at apat na pagpapatirapa))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Tumiklop ang Araw [nawala ang kanyang liwanag] sa panahon ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At dahil sa ang Pagtiklop ng araw ay isang pangyayaring hindi nakasanayan sa kanila,kaya nagdasal sila ng isang dasal na hindi din nila nakasanayan,sa mga galaw nito at tagal nito,Tumayo siya at nagdasal sa mga tao,tinagalan niya ang pagtayo pagkatapos ay yumuko siya at tinagalan niya ang pagyuko pagkatapos ay tumayo siya at

nagbasa siya ng mahaba bukod pa sa unang binasa niya,pagkatapos ay yumuko siya at tinagalan niya ang pagyuko;at ito ay mas magaan kaysa unang pagyuko,pagkatapos ay nagpatirapa siya at tinagalan niya ang pagpapatirapa,pagkatapos ay ginawa niya sa ikalawang tindig ang tulad ng ginawa niya sa una,sa mga galaw nito at na ito ay liban doon,at sa lahat ng tindig ay higit na kaunti mula sa tindig na una rito,hanggang sa naganap itong apat na pagyuko at apat na pagpapatirapa,sa dalawang tindig, pagkatapos ay umalis siya mula sa pagdarasal,at naging hayag na ang araw,Nagsermon siya sa mga tao tulad ng naka-ugalian niya sa mga kaganapan,Nagluwalhati siya kay Allah at Nagpuri sa kanya,at nangaral siya sa kanila,at nangyari nagkataon ang araw na iyon na nangyari ang pagtiklop sa pagkamatay ng anak niyang si Ibrahim-malugod si Allah sa kanya-Ang sabi ng bawat isa sa kanila;Nagtiklop ,dahil sa pagkamatay ni Ibrahim,Nangyayari ito sa mga nakaugalian nila sa panahon ng kamang-mangan na ito ay hindi nagtitiklop maliban sa pagkamatay ng dakilang tao o panganganak sa dakilang tao;At inibig ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa pagpayo niya at pagkadalisay niya sa pagsagawa ng mensahe niya,at pagpapakinabang sa mga likha,na tanggalin ang anumang nakasabit sa pag-iisip nila mula sa mga kathang isip na ito,na hindi maaaring maging batayan ,Hindi sa tumpak na kapahayagan,at Hindi ang matinong kaisipan,at ipinahayag niya ang layunin sa pagtiklop ng araw at ng buwan,Nagsabi siya sa Sermon niya:Tunay na ang Araw at ang Buwan ay dalawang palatandaan mula sa tanda ni Allah,Hindi sila nagtitiklop [nawawala ang kanilang liwanag] dahil sa pagkamatay ng isang tao at hindi sa pagkabuhay nito;Ngunit ito ay pinapangyari ni Allah-Pagkataas-taas Niya sa Kapangyarihan Niya,upang sindakin ang mga alipin niya,at ,maipaalaala Niya sa kanila ang mga biyaya Niya,,at kapag nakita ninyo ito,manalangin kayo kay Allah-Pagkataas taas Niya,Na nagbabalik-loob at nagsisisi,Manalangin kayo at mag-alay kayo ng Pagdadakila;Magdasal kayo at Magkawanggawa kayo,dahil sa napapaloob dito na panangga sa mga sakunang mangyayari,at pampatanggal sa mga kaparusahan na bumababa.Pagkatapos ay kinuha niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ipinapaliwanag niya sa kanila ang ilan sa mga malalaking kasalanan kay Allah tulad ng Pangangalunya,na nagdudulot ng katiwalian sa Komunidad at kaugalian,na kung saan ay nagpaparapat sa Poot Niya at Kaparusahan Niya,At sumumpa siya sa pangangaral na ito-at siya ang pinakatapat sa lahat ng tapat-na nagsasabi:O Ummah ni Muhammad,Wala ni isa sa sinuman ang may pinakamatinding pagseselos liban kay Allah ,sa pangangalunya ng alipin niya o pangangalunya ng Umah ni Muhammad.Pagkatapos ay ipinahayag niya na wala silang kaalam-alam sa kaparusahan ni Allah liban sa napakaliit lamang,At kung alam lang nila ang nalalaman niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-madadais sila ng tinding takot nila,at tunay na matatawa sila sa kaligayahan ng kaunti lamang,at tunay na iiyak sila at malulungkot sila ng marami,Ngunit si Allah sa Karunungan niya,ay Itinago Niya ito sa kanila.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5215

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee